

1. Tungkol sa Pagsagot sa mga Katanungan sa Census

Magmula pa noong ika-14 ng Setyembre ay nag-umpisa ng namahagi ng mga questionnaires para sa census sa mga kabahayan. Natanggap nyo na ba ang mga ito at nasagutan na?

Ang National Census ay isinasagawa sa buong Japan sa lahat ng mamamayan anupaman ang nasyonalidad o edad nito.

Sa mga dayuhan na may mahigit ng 3 buwan na naninirahan sa Japan at ganun din sa mga wala pang tatlong buwan sa Oktubre 1 ngunit may balak pang manirahan pa rito ng higit pang tatlong buwan ay dapat sagutan ang questionnaires ng census.

May batas sa Japan na nag-uutos na sagutan ang mga katanungan na ipinamahagi ng National Census at bibigyan parusa ang sinuman na hindi gagawa nito o magbibigay ng huwad na tugon sa kadahilanang ito ay hindi naintindihan o nakaka-abala lamang ang pagsagot dito.

Kaya dapat nating saguting ang mga survey questionnaires kapag dumating na ang mga ito sa ating mga kabahayan.

Bilang karagdagan, pwede rin gawin ang pagsagot sa pamamagitan ng internet. Nakasaad ito sa may anim na iba't ibang lengwahe.

Ang mga kasagutan na ating naitala sa mga questionnaires ay mahigpit na bibigyan proteksyon at pangangasiwa kung kaya't walang dapat ipangamba na ito ay ibibigay sa immigration o maging sa pulisya. Kung sa hindi inaasahang pagkakataon ay hindi pa dumating ang mga survey questionnaires paglipas ng unang araw ng Oktubre ay mangyaring tumawag sa munisipiyu.

2. Paghahanda sa Sakuna para sa mga Alagang Hayop

Hinihiling sa mga may mga alagang hayop tulad ng mga aso at pusa na makilahok sa pagkuha ng kaalaman ukol sa countermeasures sa mga maaring dumating na sakuna upang maprotektahan ang sarili at ang mga alagang hayop.

Sa Lungsod ng Tochigi, kapag may sakuna, hiniling na ang mga alagang hayop at ang mga may-ari nito na lumikas sa mga evacuation centers. Dito ay hindi pwedeng magkasama ang alagang hayop at ang may-ari, ang mga alagang hayop ay may itinalagang lugar para sa kanila. Itinatago sila sa isang hawla o carrier bag. Kung kaya ay mahalaga para sa mga may-ari ng alagang hayop na tiyakin na sila ay sanay na manirahan pansamantala kanilang mga hawla o carrier bag. Kinakailangan din ang pagsasanay sa mga alagang hayop tulad ng hindi pag-kahol palagi at makapag-dumi sa isang itinalagang lugar. Kung may biglaang sakuna na dumating, ang mga alagang hayop ay maaaring matakot at tumakas at mahiwalay mula sa may-ari nito, kaya tiyaking nakasuot ang stray tag o isang microchip upang malaman ang impormasyon sa pakikipag-ugnay sa may-ari.

Ang mga apektadong alagang hayop ay nasa ilalim ng stress at madaling kapitan ng karamdaman at impeksyon. Panatilihin malinis ang katawan ng iyong alaga nang regular at makakuha ng pagbabakuna para sa mga nakakahawang sakit upang mapanatiling malusog sila.

Kapag lilikas, siguraduhing dala ang pagkain ng alagang hayop, tubig, at mga karaniwang ginagamit sa paglinis kung dumumi ang alaga.

Sa evacuation centers, mahalagang maging maingat at huwag lumikha ng istorbo sa mga iba pang nagsilikas.

2. Tungkol sa Pagpapakita ng mga Karosa o Floats sa Tochigi City

Noong Marso 2010, ang dating Lungsod ng Tochigi at mga karatig bayan ng Ohira, Fujioka, at Tsuga ay pinagkaisa upang mabuo ang bagong Lungsod ng Tochigi.

Ngayong taon ang ika-10 anibersaryo ng bagong Lungsod ng Tochigi Upang ipagdiwang ang ika-10 anibersaryo, ipapakita o idisplay ang tanyag na Tochigi City Floats o karosa sa ika-10 at 11 ng Oktubre. Ang lugar ay ang pinakaplaza sa harap ng Tochigi Doll Museum.

Bagaman ang Tochigi Autumn Festival, na naka-iskedyul na gaganapin sa Nobyembre ng taong ito, ay nakansela dahil sa paglaganap ng bagong coronavirus, inaanyayahan ang lahat na samantalain ang pagkakataong ito upang masilayan ang mga float ng Tochigi City.

Bilang karagdagan,sa buong Oktubre, para na rin sa pagdiriwang ng ika-10 anibersaryo ay iwawagayway ang mga watawat mula sa istasyon ng Tochigi hanggang sa kabuoan ng Kuranomachi Avenue at may dekorasyon na bulaklak ang lahat ng mga istasyon ng tren at mga gusali ng pamahalaan sa lungsod.

Makibahagi at pagmasdan ang mga karosa na idisplay sa Tochigi City.